ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 2020 - 12

NAG-AATAS SA REORGANISASYON NG "LOCAL PRICE COORDINATING COUNCIL (LPCC)" SA PAMAHALAANG BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN

SAPAGKAT, para sa interes ng serbisyong pampubliko at sa patuloy na pagtaas ng presyo ng mga pangunahing bilihin, ang lahat ng mga Lokal na Punong Ehekutibo ay mariing hinikayat na buhayin ang kanilang *Local Price Coordinating Council (LPCC)* upang mapangalagaan ang mga mamimili at masubaybayan ang pagsunod sa itinatakda ng *Republic Act No. 7581* o ang *Price Act*, at ng *Republic Act No. 71* o ang *Price Tag Law*;

SAPAGKAT, ang mga Lokal na Yunit ng Pamahalaan ay inatasan ng mga nabanggit na batas na protektahan ang karapatan ng mga mamimili sa pamamagitan ng paggawa ng isang mabisang sistema sa pagsulong ng kapakanan ng mga ito;

SAPAGKAT, kinakailangan ang reorganisasyon ng umiiral na *"Local Price Coordinating Council (LPCC)"* upang isaalang-alang ang pagbabago sa komposisyon ng ilan sa mga miyembro nito;

NGAYON, SAMAKATWID, ako, **RICARDO M. SILVESTRE**, Punong Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan, sa bisa ng kapangyarihang ipinagkaloob sa akin ng batas, ay nag-aatas:

SEKSYON 1. REORGANISASYON NG "LOCAL PRICE COORDINATING COUNCIL". - Sa pamamagitan ng Atas na ito ay muling binubuo ang *Local Price Coordinating Council* (*LPCC* para sa kaigsian) sa Pamahalaang Bayan ng Marilao, na binubuo ng mga sumusunod:

Tagapangulo	:	**IGG. RICARDO M. SILVESTRE** Punong Bayan
Pangalawang Tagapangulo	:	**G. WILFREDO D. DIAZ** Pambayang Tagapangasiwa
		G. FROILAN R. ANGELES Kawaksing Tagapagpaganap
Kasapian	:	**IGG. IRMA G. CELONES** Tagapangulo, SB Lupon ng Kalakalan, Komersiyo at Industriya
		GNG. EDNA I. BAUTISTA Pambayang Tanggapan ng Ingatang-yaman
		G. MARTIN ARMANDO C. CRUZ Pambayang Tanggapan ng Pahintulutan at Paglilisensya ng Negosyo
		G. ROGELIO C. PASCUAL Pambayang Tanggapan ng Pagpaplano at Pagpapaunlad
		DR. CECILIA S. MARAMBA Pambayang Tanggapan ng Kalusugan
		G. HILARIO L. FRANCISCO Pambayang Tanggapan ng Pagsasaka
		G. ISMAEL B. SANTIAGO Opisyal sa Pangangasiwa ng Pamahalaang Lokal

Atas Tagapagpaganap Blg. 2020 - 12
Nag-aatas sa Reorganisasyon ng *"Local Price Coordinating Council (LPCC)"*
sa Pamahalaang Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan

SEKSYON 2. MGA TUNGKULIN AT RESPONSIBILIDAD. - Ang *LPCC* ay gaganap sa mga tungkulin at responsibilidad gaya ng mga sumusunod:

a. Makipag-ugnayan at magpatupad ng mga programa para sa makatwirang *local supply* sa bayan ng Marilao;

b. Magbigay ng rekomendasyon sa *National Price Coordinating Council* o mga kaugnay na ahensya hinggil sa *Suggested Retail Price (SRP)* at/o *price ceiling* sa bayan ng Marilao;

c. Magtatag ng mga mekanismo upang mas madaling maprotektahan ang mga mamimili mula sa hindi sapat na suplay at hindi makatwirang pagtaas ng presyo lalo na sa panahon ng kalamidad o iba pang *emergency* na mga kaganapan;

d. Magbigay ng naaangkop na parusa para sa iligal na pagmamanipula ng presyo at iba pang mga paglabag sa *Price Act*; at

e. Magsagawa ng iba pang mga kaugnay na gawain ayon sa hinihingi ng pagkakataon o sa tagubilin ng Punong Bayan.

SEKSYON 3. PAGPUNO SA BAKANTE. Ang anumang bakante sa pagiging kasapi ng *LPCC* ay awtomatikong mapupuno ng kahalili na napili o hinirang ng Punong Bayan, at gaganap sa kasalukuyang termino. Ang pangalan ng kahalili ay ***ipso facto*** na kasama sa **Seksyon 1** ng Atas Tagapagpaganap na ito.

SEKSYON 4. SUGNAY NG PAGKAKAHIWALAY. Kung, sa anumang kadahilanan, ang anumang bahagi o probisyon ng Atas Tagapagpaganap na ito ay natagpuan na hindi naaayon sa Konstitusyon, ang iba pang mga bahagi o probisyon nito na hindi apektado ay magpapatuloy.

SEKSYON 5. SUGNAY NG PAGWAWALANG BISA AT PAGBABAGO. Ang lahat ng iba pang mga atas, mga patakaran, mga regulasyon o mga bahagi nito na hindi naaayon sa Atas Tagapagpaganap na ito ay pinapawalang-bisa o binabago nang naaayon.

SEKSYON 6. PAGKAKABISANG SUGNAY. Ang Atas Tagapagpaganap na ito ay magkakabisang kagyat.

NILAGDAAN sa Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan, ngayong ika-**17** ng **Marso**, sa taon ng Ating Panginoon, dalawang libo dalawampu.

(SGD.) RICARDO M. SILVESTRE
Punong Bayan